BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

NEWS RELEASE

baaqmd.gov

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Mayo 24, 2023
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Pahayag ng Tagapamahala ng Lupon ng Distrito ng Hangin na tumututol sa pagpili sa presidente ng COP28 na may kaugnayan sa industriya ng gatong na mula sa mga labi ng hayop at halaman

SAN FRANCISCO – Pahayag ni John J. Bauters, Tagapamahala ng Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area:

"Dapat kong ipahayag ang mabigat kong alalahanin tungkol sa pagpili kay Sultan Al Jaber bilang presidente ng summit ng COP28 ukol sa klima. Bilang tagapamahala ng lupon ng pinakauna at pinakamatagal nang panrehiyong ahensiya ng pagkontrol sa pagpaparumi sa hangin, hindi ako mananahimik lang tungkol sa isang pasyang sumisira sa buong diwa ng sama-samang pagkilos ng mga pinuno para sa klima, pangangalaga sa kapaligiran, at kawalan ng respeto sa mga marginalized na boses sa buong mundo na lumalaban hindi lang para sa pagbabago ng klima, pero sa maraming sitwasyon, para sa sarili nilang buhay.

Ang mukha ng COP28 ay hindi dapat isang executive ng kumpanya ng langis. Ang pandaigdigang talakayan na mangyayari sa COP ay dapat totoo, matapat, at hindi mapagkunwari. Ang isang kritikal na pagtitipong gaya nito ay hindi dapat hinahaluan ng mga interes ng industriya ng gatong na mula sa mga labi ng hayop at halaman — ang parehong mga aktor na nagdulot ng matitinding panganib sa kapaligiran at pampublikong kalusugan na nilalayong itama ng COP28.

Sa Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area, nagsisikap kami para gawing sentro ang ating mga komunidad sa lahat ng ginagawa namin. Bilang isang taong may pribilehiyo, kinakailangan kong kumilos ayon sa tama at gawing malakas at malinaw ang aking boses: ang mga babae, mga taong itim o kayumanggi ang kulay ng balat, at mga katutubo, mga bata sa mga bansang umuunlad pa lang, pandaigdigang pagkilos ng kabataan, at mga komunidad na mas mababa ang kita na dating na-marginalize at nakaranas ng matinding epekto ng pagbabago ng klima ay ang mga boses na dapat manguna sa atin. Sa pamamagitan lang ng kanilang mga karanasan at pananaw lubusan nating mauunawaan ang pagiging agaran ng sitwasyon at makakausad patungo sa makabuluhan at kolektibong pagkilos.

Naging matapat akong tagasuporta at kalahok sa mga conference ng COP ukol sa klima sa mga nakalipas na kamakailang taon, nagpe-present sa mga conference session sa COP26 sa Glasgow, at sa COP27 sa Sharm el-Sheikh. Ngayong araw, napilitan akong seryosong pag-

isipang muli ang aking paninindigan sa COP bilang naaangkop na lugar at paraan para sa paggawa ng makabuluhang pag-unlad kung hindi magkakaroon ng pagbabago sa namumuno. Ang COP28 ay hindi dapat maging oportunidad para sa mga kumpanyang pinagkakakitaan ang kapaligiran para sirain ang pagkilos para sa klima sa pamamagitan ng pagkuha ng isang forum na nilalayon para sa pangangalaga sa kapaligiran.

Nananawagan ako sa mga pinuno sa buong California na samahan ako sa paghingi ng pagbabago. Dapat ay sama-sama nating tiyakin na mananatiling simbolo ng pag-asa at pag-unlad ang COP28, na may matatag na paninindigan laban sa mga puwersang nagpapakalat ng panganib. Nakadepende rito ang ating hinaharap, ang pare-pareho nating buhay bilang tao, at ang kalusugan ng ating planeta."

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensiyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Homepage ng Distrito ng Hangin | *Mga Pahayag sa Media*